

3. Pagkakaroon ng mga *corporate farms* para sa *commercial scale* at pagnenegosyo.



Ito ay para sa pagpapataas ng produksyon ng pagkain sa pamamagitan ng mga farm na pagmamay-ari ng mga naglalakihang korporasyon.

4. Pagtatatag ng mga *Urban at Peri-Urban Agriculture* na teknolohiya at *training center*.




Ito ay ang pagtatayo ng mga *Urban Agriculture hub* o *center* sa bawat rehiyon kung saan isinasagawa ang mga pagsasanay at demonstrasyon

5. Pananaliksik.

*Para sa iba pang impormasyon ukol sa NUPAP, maaaring mag-email sa:* ***hvcdpcalabarzon@gmail.com*** *at* ***hvcdp4a@gmail.com*** *o tumawag sa:* ***0921-989-5785.***

DEPARTMENT OF AGRICULTURE
1898
REGION IV
CALABARZON

**DEPARTMENT OF AGRICULTURE**
**REGION IV-CALABARZON**

Regional Agriculture and Fisheries
Information Section
2023

Lipa Agricultural Research and Experiment
Station (LARES) Brgy. Maraouy,
Lipa City, Batangas

Department of Agriculture RFO 4-A

https://calabarzon.da.gov.ph/



DEPARTMENT OF AGRICULTURE 1898 REGION IV CALABARZON

MASAGANANG AGRIKULTURA MAUNLAD NA EKONOMIYA

# National Urban & Peri-Urban Agriculture Program (NUPAP)



# ANO ANG NUPAP?

Ang National Urban and Peri-Urban Agriculture Program (NUPAP) ay isang programa ng Department of Agriculture (DA) na inilunsad sa bisa ng *Administrative Order No. 3, Series of 2022*, noong ika-24 ng Marso, 2022. Ito ay nakatuon sa pagpapalakas ng produksyon at suplay ng mga sariwang gulay sa pamamagitan ng pagtatanim sa mga libreng ispasyo sa komunidad.



# MGA LAYUNIN:

- Masiguro ang sapat na ***akses sa pagkain***
- Magkaroon ng ***alternatibong hanapbuhay*** ang mamayan
- Mapaunlad ang mga teknolohiya sa larangan ng ***urban agriculture***
- Matiyak ang ***ligtas na pagkain*** para sa urban at peri-urban na pagsasaka
- Mabawasan ang mga gastos sa lohistiko sa pamamagitan ng ***pagpoprodyus ng pagkain sa komunidad***
- ***Mapalakas ang ugnayan*** sa pagitan ng DA, *Local Government Units* (LGUs), *National Government Agencies* (NGAs), internasyonal na organisasyon, pribadong sektor, at iba pang *stakeholder*

# MGA BAHAGI NG PROGRAMA

1. Distribusyon ng mga agrikultural na kagamitan



*Vegetable Seeds* *Organic fertilizers* *Garden tools*

2. Pagtatayo ng mga pasilidad gaya ng:

**Community Farms**

Isang lupaing pangtaniman na pagmamay-ari ng isang komunidad kung saan ang mga mamamayan ang nakatakdang mamahala nito.




**Vertical Farms**

Ito ay ang patayong pagpapalago ng tanim na binubuo ng mga *layer* gaya ng pagtatanim sa mga malalaking gusali sa siyudad.




**Rooftop Gardens**

Ito ay ang mga halamanan na makikita sa *rooftop* o itaas na bahagi ng mga bahay o gusali.

